4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Renz Michael F. Ramirez (Central Luzon State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang yaman. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>• Naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.<br>1. Nailalahad ang mga pang-ekonomiyang aspketo ng pinagkukunang yaman ng bansa.<br>2. Nakapaglalahad ng mga iba't bang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa panbansang ekonomiya.<br>3. Nakapagsalaysay ng magagandang epekto mula sa mga pinagkukunang yaman ng bansa.<br>4. Naibabahagi ang mga pakinabang pang-ekonomiya mula sa paggamit ng yamang pambansa para sa kabuhayan, kapaligiran, at kultura.<br>• Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.<br>1. Nasusuri ang mga iba't bang hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.<br>2. Naiisa-isa ang mga batas at ahensiya ng pamahalaan na tumutugon sa pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga likas na yaman ng bansa.<br>3. Nakapagbibigay ng mga paraan sa pagtugon sa mga hamon pangkabuhayan ng bansa.<br>Naipaghahambing ang mga epekto ng hamon at pagtugon ng gawaing pangkabuhayan ng bansa sa kabuhayan, kapaligiran, at kultura. |
| **C. Nilalaman** | Mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa (Likas na Yaman – Enerhiya) |

| | |
|---|---|
| | 1. Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa<br>2. Mga Hamon at Pagtugon sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa<br>3. Pangangalaga sa mga Pinagkukunang Yaman ng Bansa |
| **D. Integrasyon** | • Kaalamang Pangkapaligiran (environmental literacy)<br>• Sustainable Development Goals (SDGs)<br>• Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


2020 Power Situation Report. (2021, August 23). Department of Energy, Republic of the Philippines. https://www.doe.gov.ph/power-sector-situation

Antonio, E. D., Banlaygas, E. L., & Lagarto, J. L. (2017). Kayamanan: Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

Energy Consumption. (n.d.). Department of Energy, Republic of the Philippines. https://www.doe.gov.ph/energy-consumption

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Imperial, C. M., Antonio, E. D., Dallo, E. M., Samson, M. C. B., & Soriano, C. D. (2016). Kayamanan Ekonomiks (pp. 24-65). Rex Book Store


Nonrenewable Energy. (n.d.). National Geographic Education. https://education.nationalgeographic.org/resource/non-renewable-energy/

Palaguin na ang 'renewable energy'. (2016, June 12). Pilipino Star Ngayon. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2016/06/12/1592004/palaguin-na-ang-renewable-energy

Solar Energy. (n.d.). National Geographic Education. https://education.nationalgeographic.org/resource/solar-energy/

What is renewable energy? (n.d.). United Nations. https://www.un.org/en/climatechange/what-is-renewable-energy


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-Aral**<br><br>Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang sanaysay. Gamitin ang mga letrang nagsisilbing gabay upang mabuo ang salita | Ang gawain ng mga mag-aaral ay iikot sa dalawang bahagi, ang unang bahagi ay gamit ang sagutang papel ay kailangang kumpletuhin ang ~~ku~~wento kung saan ang tamang sagot sa |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ang Pilipinas ay mayaman sa likas na y_ _ _ _. Ang ilan sa uri ng likas na yaman ng Pilipinas ay yamang lupa, yamang tubig, at yamang g _ _ _ _. Ang mga halim~~a~~bawa ng yamang gubat na kapaki-pakinabang sa ekonomiya ay p _ _ _ n g _ _ _ _ _, h _ _ _ p, h _ _ _ m _ _ at b _ l _ _ l _ _, w _ _ _ _ s _ _ d.<br><br>
Nakita ko doon sa Gubat!<br><br>
Tukuyin kung ang sumusunod na larawan ay mga bagay na makikita sa loob ng kagubatan at ano ang dulot nito sa tao at ekonomiya. Lagyan ng tsek ( ✔) sa patlang kung ang larawan ay makikita sa gubat at ekis (x) naman kung hindi.<br><br>
<br>
Mula sa: Canva.com
</td>
<td>
bawat patlang ay mga salitang may kaugnayan sa yamang gubat.<br><br>
Mga Tamang Sagot:<br><br>
1. yaman<br>
2. gubat<br>
3. punongkahoy<br>
4. hayop<br>
5. halaman<br>
6. bulaklak<br>
7. watershed<br><br>
1. /<br>
2. X<br>
3. X<br>
4. /<br>
5. X<br>
6. /<br><br>
Ang ikalawang bahagi ng balik-aral ay patungkol sa kanilang personal na pananaw sa kanilang natutuh~~n~~an sa nakaraang aralin~~g~~ kung saan mamimili sila at isusulat sa kanilang sagutang papel kung ano-ano sa mga larawan ang makikita nila sa loob ng kagabutan.<br><br>
Matapos sagutan ang dalawang bahagi ay magtatawag ang guro ng dalawa hanggang tatlong
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | mag-aaral na siyang magbabahagi ng kaniyang mga sagot. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Mula sa dalawang larawan ay pumili ng isang larawan na mas gusto mong gamitin sa pang araw-araw.<br>Sagutin ang sumusunod na katanungan:<br>1. Ano-ano ang tatlong bagay na iyong napili?<br>2. Bakit ito ang iyong napili?<br>3. Paano pinapagana o pinapaandar ang *electric fan, washing machine* at *light bulb?*<br><br>Mula sa: Canva.com<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Likas na yaman – ito ang mga bagay na nanggaling sa lupa, tubig, gubat, enerhiya, at iba pa.<br>Kagubatan – isang uri ng likas na kapaligiran na maraming puno at halaman, tinitirhan ng mga hayop.<br>Enerhiya – isang uri ng lakas na may kakayahang mapagana ang mga bagay upang maging kapaki-pakinabang sa tao. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Pinangkukunang Yaman mula sa Kagubatan**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Malayang talakayan ukol sa kahulugan ng enerhiya, pinagkukunan ng enerhiya ng Pilipinas at mga uri nito.<br>**Enerhiya –** isang uri ng lakas na nagpapaandar sa mga bagay na kapaki-pakinabang sa kapaligiran, ekonomiya, at kultura. | Mag-uumpisa ang talakayan ng paksa ng yamang enerhiya sa pagbibigay ng kahulugan ng enerhiya, magbigay ng mga simpleng halimbawa ng enerhiya na ginagamit nila sa loob ng tahanan gaya ng mga nagpapaandar ng mga *appliances* sa loob ng tahanan at kung paano ito naging |

kapaki-pakinabang sa pang araw-araw nilang pamumuhay.

Magkakaroon ~~na~~ ng paghahati sa pangunahing paksa.~~,~~ Gamitin ang talahanayan sa pagkakaroon ng malayang talakayan. May kalayaan ang guro na dagdagan ang mga impormasyon ukol sa bawat tema sa paksa.

| **Pinagkukunan ng Enerhiya ng Pilipinas** | |
|---|---|
| ***Renewable Energy Sources*** | ***Non-Renewable Energy Sources*** |
| Ito ang mga uri ng enerhiya na nagmumula sa likas na nakapaligid sa atin tulad ng sikat ng araw, hangin na umiihip, at iba pa. Ang mga enerhiya na ito ay mabilis na napapalitan at hindi basta-basta nauubos. | Ang *non-renewable energy* naman ay ang mga enerhiya na hindi madaling mapalitan. Ang ibang uri nito ay tumatagal ng daang taon bago mapalitan. Halimbawa nito ay *fossil fuels, coal, petroleum*, at *natural gas*. |

| **Uri ng *Renewable Energy Sources*** | |
|---|---|
| **Uri** | **Kahulugan** |
| *Solar Energy* | Ito ang uri ng enerhiya na nagmumula sa init ng araw, ang init na ito posibleng pagmulan ng kuryente. |

| **Uri ng *Non-Renewable Energy Sources*** | |
|---|---|
| **Uri** | **Kahulugan** |
| *Coal* | Isa sa pinakagamitin na uri ng enerhiya sa ating bansa kung saan minimina sa ilalim ng lupa at sinusunog upang makalikha ng kuryente sa mga industriya at kabahayan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Wind Energy* | Ang ganitong klaseng enerhiya ay pinapatakbo ng hangin gamit ang *wind turbine* na siyang nagbibigay ng kuryente. Ang halimbawa nito ay ang mga *windmills* sa Ilocos Region at iba pang bahagi ng bansa. | | *Oil* | Ang langis ay karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw upang mapagana ang mga kapaki-pakinabang na bagay tulad ng sasakyan. Ito a~~n~~y nakukuha sa paghukay mula sa kailaliman ng lupa, ang iba ay sa mga karagatan. |
| *Hydroelectric Energy* | Ang *renewable energy* na ito ay pinapagana ng malakas na agos ng mga yamang tubig tulad ng Maria Cristina Falls na matatagpuan sa Lanao Del Norte. | | *Natural Gas* | Isang uri ng *fossil fuel* na matatagpuan sa ilalim ng dagat o lupa. Ang Pilipinas ay gumagamit ng enerhiya na ito na matatagpuan sa Palawan na kung tawagin ay Malampaya Natural Gas. |
| *Geothermal Energy* | Isang malinis na enerhiya na nagmumula sa init ng ilalim ng lupa. Matatagpuan ang ganitong uri ng enerhiya sa Albay, Laguna, at Leyte. | | | |

Ang pagsasanay na ito ay iikot sa *pie graph* kung saan ito ay tumutukoy sa mga

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**



Mula sa: www.statista.com.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ayon sa graph ano ang nangungunang pinagkukunang enerhiya ng bansa noong 2022?
2. Ano ang pinakakaunting bahagdan ng pinagkukunang enerhiya ng bansa?
3. Ano ang mas ginagamit na enerhiya, *renewable o non-renewable energy?*

pinakaginagamit na uri ng enerhiya ng bansa noong 2022.

Sa isang sagutang papel ay sasagutin ang mga pamproseng tanong hanggang sa tanong na nakalaan sa paglalapat at pag-uugnay na kaakibat ng pagsusuri sa *graph*.

2. **Paglalapat at Pag-uugnay**
Sa iyong opinyon, mas mahalaga ba non-renewable energy kaysa sa renewable energy sa ating bansa? Oo o hindi at bakit?

**IKATLO NA ARAW**

**Gawaing Pangkabuhayan mula sa Yamang Enerhiya**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**



Mula sa:

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**I-graph mo!**

Ang ikalawang bahagi ay nakasentro sa isang *pie graph* na nagtatalakay sa iba't ibang sektor ng lipunan at kung ano ang nangunguna pagdating sa pagkonsumo sa mga enerhiya ng bansa.

Mahalaga na sumentro ang talakayan ng guro kung bakit ang pagkosumo ng naturang sektor ay ganito ang naging bilang maging ang dahilan at epekto sa lipunan at ekonomiya ng bansa.

Maglista ng limang (5) gamit na ginagamitan ng enerhiya sa loob ng inyong bahay.Gamit ang iyong natutuhan ay gumawa ng isang *pie graph* tungkol sa paggamit ~~mo~~ ng enerhiya sa tahanan. Ipasuri ang naging resulta ng *pie graph.*

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Ibahagi sa ang iyong *graph*. Magbigay ng maikling paliwanag kung bakit ito ang pinakamadalas na kailangan ng enerhiya hanggang makarating sa pinakahindi masyadong ginagamitan ng enerhiya.

Epekto ng pakinabang pang-ekonomiko ng yamang gubat sa tao sa kaniyang:

a. kabuhayan
b. kapaligiran
c. kultura

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

| Hamong Hinaharap sa Yamang Enerhiya | Mga Sanhi | Mga Epekto |
|---|---|---|
| Kulang na suplay ng enerhiya sa Pilipinas | • Lumalaking populasyon ng bansa<br>• Nanganganib na pagkaubos ng pinagkukunang ng enerhiya | • Mahal na singil sa enerhiya sa Pilipinas<br>• Madalas na pagkawala ng suplay ng kuryente sa ibang panig ng bansa<br>• Mahal na presyo ng mga produktong petrolyo<br>• Pag-import ng suplay ng enerhiya |

Magbigay ng paliwanag kung ano-ano ang mga hanapbuhay na nakabilang sa loob ng sektor, mula sa mga hanapbuhay ay mahihinuha na ng mga mag-aaral ang sagot kung bakit ganito ang naging bahagdan sa bawat sektor.

| | | |
|---|---|---|
| | | mula sa ibang bansa |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Ako, Ikaw, Tayo ay may Magagawa!**

Ang klase ay mahahati sa apat na grupo, ang bawat grupo ay maglilista ng sampung (10) paraan kung paano makakapagbahagi ng pagtitipid ng enerhiya sa loob ng kanilang tahanan. Ipasulat ito sa sagutang papel.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Ang bawat grupo ay ibabahagi ang kanilang nabuong mga paraan sa klase upang magbigay ng ideya sa mga simpleng pamamaraan kung paano makakatulong sa suliranin sa enerhiya.

Sa gawaing ito ay pagkakataon naman ng mga mag-aaral na lumikha ng kanilang *pie graph*.


Ang panuto ay maglista ng limang bagay sa loob ng kanilang tahanan na ginagamitan ng enerhiya.

Mula sa listahan, gamit ang kanilang sagutang papel ay bubuo ang mga mag-aaral ng isang *pie graph* kung saan bibigyan nila ng bahagdan o porsiyento kung ano ang kanilang madalas gamitin hanggang sa pinakahindi nagagamit.

Magkakaroon ng pagbabahagi ang mga mag-aaral kung bakit ito ang kinalabasan ng kanilang *graph*. Malaya ang guro na pumili kung ilan ang magbabahagi sa klase.

Gamitin ang talahanayan sa pagtalakay sa nasabing paksa.

Sa gawaing ito ng mga mag-aaral ay mahahati sa apat na grupo kung saan sa kanilang sagutang papel ay maglilista ng mga pamamaraan kung paano sila makakatulong sa pagtitipid

| | | |
|---|---|---|
| | | ng enerhiya sa loob ng kanilang tahanan.<br><br>Matapos ito ay ibabahagi ng grupo sa klase ang kanilang nabuong listahan. |
| **D. Paglalahat** | **IKA-APAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Kumpletuhin ang pangungusap:<br>1. KUNG hindi aayusin ang paggamit ng enerhiya posibleng ________________<br>2. KUNG lampas sa konsumo ang mga tahanan at pagawaan tiyak __________<br>3. KUNG gagawa ako ng aksyon ukol sa pagtitipid ng enerhiya, ito ay ang ____ | Gamiting gabay ang dayagram upang magkaroon ng paglalahat ng natutuhan sa paksa ng yamang enerhiya.<br><br>Magkakaroon din ng sumunod na katanungan ukol sa paksa. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. I |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Tukuyin ang hinahanap na salita mula hanay B sa pangungusap na nasa hanay A. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot. Isang (1) puntos sa bawat tamang sagot.
<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>_____1. Uri ng enerhiya na madaling mapalitan.</td><td>A. Coal</td></tr>
<tr><td>_____2. Uri ng enerhiya na mahirap mapalitan.</td><td>B. Enerhiya</td></tr>
<tr><td>_____3. Ang Pilipinas ay gumagamit ng enerhiya na ito na matatagpuan sa Palawan.</td><td>C. Gasolina</td></tr>
<tr><td>_____4. Ito ang uri ng enerhiya na nagmumula sa init ng araw, ang init na ito ay naipapalit ng kuryente.</td><td>D. Geothermal Energy</td></tr>
<tr><td>_____5. Ito ay karaniwang ginagamit sa pang araw araw upang mapagana ang mga kapakipakinabang na bagay tulad ng sasakyan.</td><td>E. Hydrothermal Energy</td></tr>
<tr><td>_____6. Ang renewable energy na ito ay pinapagana ng malakas na agos ng mga yamang tubig</td><td>F. Natural Gas</td></tr>
<tr><td>_____7. Nagbibigay lakas upang mapaandar ang isang kapaki-pakinabang na bagay.</td><td>G. Non-Renewable Energy</td></tr>
<tr><td>_____8. Isa sa pinakagamit na uri ng enerhiya sa ating bansa kung saan minimina sa ilalim ng lupa at sinusunog upang makalikha ng kuryente sa mga industriya at kabahayan.</td><td>H. Oil</td></tr>
<tr><td>_____9. Ang ganitong klaseng enerhiya ay pinapatakbo ng hangin gamit ang wind turbine</td><td>I. Renewable Energy</td></tr>
</table>
</td>
<td>
2. G<br>3. F<br>4. J<br>5. H<br>6. E<br>7. B<br>8. A<br>9. K<br>10 D<br><br>II.<br>1. transportasyon<br>2. residensyal<br>3. industriya
</td>
</tr>
</table>

na ~~siyang~~ nagbibigay ng kuryente.

| | |
|---|---|
| _____10. Isang malinis na enerhiya na nagmumula sa init ng ilalim ng lupa. | J. *Solar Energy* |
| | K. *Wind Energy* |
| | L. Yamang Likas |

Gawain II. Pagsunod-sunurin ang mga sektor mula sa nangungunang kumukonsumo ng enerhiya hanggang sa pinakahuli. Gamitin ang 1-4 na bilang.

_____1. Industriya
____ 2. Residensiyal
_____ 3. Komersiyal
_____ 4. Transportasyon

Gawain III. Maglista ng limang gawain kung paano makakatulong sa pagtitipid ng enerhiya sa ating bansa sa loob ng inyong tahanan.

1.
2.
3.
4.
5.

| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa |
|---|---|---|---|---|
| | **Estratehiya** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Kagamitan** | | | pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |
| | **At iba pa** | | | |
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ **<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>**<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ **<u>Mag-aaral</u>**<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ **<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>**<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |